## SO WHAT

- Papaano nakakatulong sa iyo ang mga ganitong karaniwang aral ng pag-ibig sa kasalukuyang pakikipag-ugnayan?
- Mayroon bang mga tao sa iyong paligid na mahirap mahalin sa simula? Alin sa tatlong aral na ito ang nahihirapan kang ipamuhay?
- Gaano ka nakatitiyak sa matiising pag-ibig ng Diyos sa iyo? Papaano nakikita ang ganitong pagtitiwala sa iyong buhay?

## NOW WHAT

- Anong nalalaman mo sa pag-ibig ang kailangan mong baguhin?
- Mula sa iyong natutunan, papaano mo maipapakita ang biblikal na pag-ibig ng higit pa?
- Sino sa mga tao sa paligid mo ang kailangang makarinig ng tungkol sa matiising pagmamahal ng Diyos? Kailan mo ibabahagi sa kanila ito?

# PRAYER

- Ipanalangin ang kaligtasan ng iyong mga mahal sa buhay.
- Hingin sa Diyos ang biyaya na matiis ang lahat ng pagpapahirap at pag-uusig (kung mayroon man). Nawa'y ikaw ay magtiyaga sa Kanyang pag-asa at pag-ibig hanggang dumating ang iyong tagumpay.
- Maniwala sa Diyos para sa biyaya na patuloy mong magawa ang nararapat, makapagsilbi nang may pamamahal, at parangalan ang iba bago ang sarili.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2014
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 3 **FILIPINO**

# Boaz at Ruth

IT'S NOT THAT complicated

## NOTES

# CONNECT

- Nakahingi ka na ba ng malaking pabor sa isang tao na hindi mo halos kakilala? Ano ang nangyari?
- Ano na bang pabor ang naibigay mo sa iba na sa palagay mo ay isang kalabisan? Papaano mo nagawa ito?
- Naalala mo pa noong minsa'y nag-antay ka nang pagkatagal-tagal? Tungkol saan ito? Anong nangyari?

**WORD**

*[11]Pero sinabi ni Noemi, "Umuwi na kayo mga anak. Bakit pa kayo sasama sa akin? Akala n'yo ba makakapag-asawa pa ako at makakapanganak ng mga lalaking mapapangasawa ninyo? . . . [16]Pero sumagot si Ruth, "Huwag po ninyo akong piliting iwan kayo, dahil kung saan kayo tumira, doon din po ako titira. Ang mga kababayan n'yo ay magiging kababayan ko rin, at ang Diyos n'yo ay magiging Diyos ko rin. [17]Kung saan kayo mamamatay, doon din po ako mamamatay at ililibing. Parusahan nawa ako ng Panginoon nang mabigat kapag humiwalay ako sa inyo, maliban na lang kung ang kamatayan na ang maghiwalay sa ating dalawa."*
RUTH 1:11,16,17

**WHAT**

Ang kwentong ito ay nagmula sa malungkot na pangyayari—si Ruth na biyenan ni Naomi ay nawalan ng asawa at dalawang anak, isa dito ang kanyang asawa. Habang sila'y pinakikiusapan ni Naomi na bumalik na lamang sa kanilang mga tirahan at siya naman ay babalik sa Judah, mas pinili ni Ruth na sumama sa kanya upang pangalagaan siya habang nagdadalamhati. Sa bandang huli, ang Diyos ay may sorpresa sa kanilang pangyayari na nauwi sa kapanganakan ng mga hari ng Israel at sa bandang huli, ang kapanganakan ng Mesias. Anong mensahe ng pag-ibig ang tinuturo sa kwentong ito?

## 1 Ang pag-ibig ay may pagtatiyaga.

*. . . [2,3]"Gusto ko po sanang pumunta sa bukid at mamulot ng mga uhay sa bukid ng taong magpapahintulot sa akin."Sumagot si Noemi, "O sige anak." Kaya umalis si Ruth at namulot ng mga uhay na naiwan ng mga tagapag-ani. Nagkataon na roon siya nakapamulot sa bukid ni Boaz na kamag-anak ni Elimelec. . . .* RUTH 2:2,3

Ang pangunahing pangangailangan nila ay pagkain kaya't hindi na nagsayang ng panahon si Ruth at nagtrabaho na siya. Inako niya ang pagiging alila. Isa itong pagsisilbi na may kaakibat na pag-ibig na sumunod sa kanyang kapahayagan ng pananalig ayon sa Ruth 1:16,17. Kinalulugdan ng Diyos ang ating pag-ibig na naaayon sa gawa at katotohanan (1 Juan 3:18; 1 Tesalonica 1:3). Siya ay tumutugon nang may hatid na biyaya. Ano ang masasabi natin sa pagkatao ni Ruth (Ruth 2:11,12)?

## 2 Ang pag-ibig ay may pagsunod at paggalang.

*[5]Sumagot si Ruth, "Gagawin ko po ang lahat ng sinabi ninyo." [6]Kaya pumunta siya sa giikan para gawin ang lahat ng sinabi sa kanya ng biyenan niya.* RUTH 3:5,6

Sinunod ni Ruth  ang mga habilin ng kanyang biyenan. Kahit na ito marahil ay mapanganib at nakakatakot para sa kanya, iginalang niya si Naomi at ang mga kaugalian ng kanyang bayan. Sa bandang huli, ang pagsunod at pagpaparangal niya kay Naomi ang nagpatunay ng pagtitiwala niya sa Diyos (Ruth 3:11-13). Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa paggalang sa mga magulang at sa mga awtoridad sa ating buhay? Anong pagpapala ang hatid nito?

## 3 Ang pag-ibig ay matiisin.

*[13]Kaya nagpakasal si Boaz kay Ruth, at niloob ng Panginoon na magdalantao si Ruth at nanganak ng isang lalaki. [14]Sinabi ng mga kababaihan kay Noemi, "Purihin ang Panginoon! Binigyan ka niya ngayon ng apo na mag-aaruga sa iyo. Nawa'y maging tanyag siya sa Israel! [15]Palalakasin at aalagaan ka niya kapag matanda ka na, dahil anak siya ng manugang mo na nagmamahal sa iyo nang higit pa sa pagmamahal ng pitong anak na lalaki."* RUTH 4:13-15

Sa bandang huli, ang kwento ng pag-ibig na ito ay magtatagal ng mahabang panahon dahil ito ang pinakakwento ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Sa pamamagitan ni Boaz at Ruth ay ipinanganak ang Tagapagligtas ng mundo—isang akmang larawan ng pagsagip sa atin ng Diyos (Ezekiel 16:8) sa pamamagitan ni Jesus na ating Manunubos. Kaninong pag-ibig ang nagtitiis at tiyak na magtatagal magpakailanman (1 Pedro 1:18,19)?